

# YUNIT 1

## Mga Aral mula sa Panitikang Mediterranean

### MGA INAASAHANG RESULTA

*Sa katapusan ng yunit, inaasahan sa mga estudyante ang sumusunod.*

#### **Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikang Mediterranean

#### **Pamantayan sa Pagganap**

Nakabubuo ng kritikal na pagsusuri o *critique* tungkol sa alinmang akdang pampanitikang Mediterranean

### PANGKALAHATANG LAYUNIN

- Nakapaglalarawan, nakapaghahambing, at nakapagsusuri ng iba't ibang anyo ng panitikan mula sa mga bansa sa Mediterranean
- Napahahalagahan ang iba't ibang tradisyon, paniniwala, at kaugalian ng mga mamamayan sa mga bansa sa Mediterranean
- Nakapagsasaliksik ng mga bagong kaalaman kaugnay ng mga paksang tatalakayin sa klase
- Nagagamit ang iba't ibang aralin sa gramatika sa mabisang pagsasalita at pagsulat
- Nakasusulat ng mahusay na critique

### MALAKING IDEYA PARA SA YUNIT

1. Mauunawaan at mapahahalagahan ang tradisyon, paniniwala, at kaugalian ng mga tao sa mga bansa sa Mediterranean sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga akdang pampanitikan nito.
2. Malilinig ang makrong kasanayan sa wastong paggamit ng iba't ibang aralin sa gramatika.

### PANIMULA

Sa yunit 1, **Mga Aral Mula sa Panitikang Mediterranean**, mababasa ang iba't ibang akda mula sa mga bansa sa baybayin ng Mediterranean. Ang pag-aaral sa mga ito ay makatutulong sa pag-unawa at pagpapahalaga ng mga estudyante sa mga akdang pampanitikan ng rehiyon, gayundin sa mga tradisyon, paniniwala, at kaugalian ng mga tao rito.

Sa pamamagitan ng makukuhang kaalaman mula sa mga akda, at sa tulong ng mga kasanayang komunikatibo na matututuhan sa yunit na ito, makabubuo ang mga estudyante ng pagsusuri sa alinmang akdang pampanitikan ng Mediterranean. Ito ay

kanilang ipahahayag sa pamamagitan ng simposyum na magiging daan naman sa kritikal na pagsusuri sa mga critique na nabuo tungkol sa akdang pampanitikan ng Mediterranean.

### **Mga Layunin para sa Panimulang Pagtataya**

- Natutukoy ang dating kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng panimulang pagtataya
- Naiisa-isa ang mga kaalaman at kasanayan na dapat na palalimin at palawakin

### **PAMAMARAAN**

#### **Panimula at Pagganyak**

1. Ipasuri sa mga estudyante ang larawan na matatagpuan sa panimulang pahina ng yunit. Ano ang ipinahihiwatig ng mga nasa larawan?
2. Sabihin sa kanila na may sasagutan silang pagtataya sa pagsisimula ng pag-aaral ng yunit.
3. Ipaliwanag sa mga estudyante na ang layunin ng pagtatayang ito ay upang sukatin ang kanilang kaalaman at kasanayan, gayundin ang mga konseptong hindi pa nila alam.
4. Sabihing ang iskor na makukuha nila sa pagtataya ay magsisilbi lamang gabay ng guro at hindi isasama sa pagmamarka.

#### **Pagsusuri at Pagtalakay**

1. Pasagutan sa mga estudyante ang *Panimulang Pagtataya para sa Yunit* sa mga pahina 4 hanggang 6 ng batayang aklat.
2. Pagkatapos, sabihin sa kanila na makipagpalitan ng aklat sa katabi upang iwasto ang kanilang mga sagot.
3. Mas mabuti kung malalaman ang bilang ng mga estudyante na nakakuha ng tamang sagot sa bawat aytem. Sa ganitong paraan, mas mabibigyang-pansin at pagsasanay ang mga konsepto na hindi nila lubos na nauunawaan at ang mga konseptong hindi pa nila alam.

#### **Pagbubuod**

1. Itanong sa mga estudyante ang kanilang natuklasan sa kanilang sarili, kaugnay ng kanilang kaalaman at kasanayan, matapos masagutan ang pagtataya.
2. Tumawag ng ilan sa kanila upang ipabuod ang mga konseptong kanilang natutuhan. Tumawag din ng ilan upang magbahagi ng sagot.

#### **Takdang-Aralin**

1. Ipabasa sa mga estudyante ang mitong “Haring Midas” sa mga pahina 9 hanggang 11 ng batayang aklat.
2. Atasan sila na magsaliksik tungkol sa mito bilang isang akdang pampanitikan. Sabihin sa kanila na maghanda para sa malayang talakayan tungkol dito.

# ARALIN 1

## Tunay na Yaman

*Mga Pahina: 7–17*  
*Mungkahing Bilang ng mga araw: 4*

### MGA PAKSA NG ARALIN

**Panitikan:** “Haring Midas” (Mito mula sa Gresya)

**Gramatika:** Aksiyon, Pangyayari, at Karanasan: Gamit ng Pandiwa

### MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO

Mga Layunin	Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakasusuri ng isang mito</li> <li>• Nakikiisa nang masigla sa mga gawain</li> <li>• Nakasusulat ng sariling mitolohiya batay sa paksa ng akdang binasa</li> <li>• Nakagagamit ng angkop na pandiwa bilang aksiyon, pangyayari, at karanasan.</li> </ul>	<p><b>F10PN-Ia-b-62</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naipahahayag ang mahahalagang kaisipan/pananaw sa napakinggan, mitolohiya</li> </ul> <p><b>F10PB-Ia-b-62</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naiuugnay ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa binasang akda sa nangyayari sa: sarili, pamilya, pamayanan, lipunan, at daigdig</li> </ul> <p><b>F10PT-Ia-b-61</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naiuugnay ang kahulugan ng salita batay sa kayarian nito</li> </ul> <p><b>F10PD-Ia-b-61</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Natutukoy ang mensahe at layunin ng napanood na <i>cartoon</i> ng isang mitolohiya</li> </ul> <p><b>F10PS-Ia-b-64</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naipahahayag nang malinaw ang sariling opinyon sa paksang tinalakay</li> </ul> <p><b>F10PU-Ia-b-64</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naisusulat ang sariling mitolohiya batay sa paksa ng akdang binasa</li> </ul> <p><b>F10WG-Ia-b-57</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nagagamit nang wasto ang pokus ng pandiwa (tagaganap, layon, pinag-</li> </ul>

	<p>lalaanan, at kagamitan)</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>o sa pagsasaad ng aksiyon, pangyayari at karanasan;</li> <li>o sa pagsulat ng paghahambing;</li> <li>o sa pagsulat ng saloobin;</li> <li>o sa paghahambing sa sariling kultura at ng ibang bansa; at</li> <li>o sa isinulat na sariling kuwento</li> </ul> <p><b>F10EP-la-b-27</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naisasagawa ang sistematikong pananaliksik sa iba't ibang pagkukunan ng impormasyon (<i>internet</i>, silid-aklatan, at iba pa)</li> </ul>
--	--

### TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN

- aklat na Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan (Ikalawang Edisyon)
- “Cupid at Psyche,” ng Academia.Edu sa [https://www.academia.edu/35158785/Cupid\\_at\\_Psyche\\_Isinalin\\_sa\\_Ingles\\_ni\\_Edith\\_Hamilton\\_Isinalin\\_sa\\_Filipino\\_ni\\_Vilma\\_C\\_Ambat](https://www.academia.edu/35158785/Cupid_at_Psyche_Isinalin_sa_Ingles_ni_Edith_Hamilton_Isinalin_sa_Filipino_ni_Vilma_C_Ambat)
- “Philippine Mythology: Aponibolinayen at ang Araw (Filipino)” ng Mitolohiya Stories sa <https://youtu.be/StXbS3euYiU>

### MGA KAGAMITAN

- larawan ng mga bundok sa bansa
- *computer* o *video player*

### MAHAHALAGANG TANONG

- Bakit mahalagang pag-aralan ang mitolohiya ng isang bansa?
- Paano ginagamit ang pandiwa sa paglalalahad ng aksiyon, pangyayari, at karanasan?

### PAMAMARAAN

#### Pagsusuri sa Panitikan

##### *Panimula at Pagganyak*

1. Hingin ang opinyon ng mga estudyante tungkol sa *teaser* na nasa ibaba ng pamagat ng aralin sa pahina 7 ng batayang aklat. Ipaugnay ito sa kanilang sariling karanasan.
2. Ipabasa rin sa kanila ang mahahalagang tanong ng aralin sa naturang pahina. Sabihin na ang mga tanong na ito ang magiging gabay nila upang maunawaan ang mga paksang tatalakayin sa aralin. Ipaalam din na sasagutin nila ang mga tanong pagkatapos ng aralin.
3. Ipasuri sa mga estudyante ang mga larawan sa gawain A ng *Simulan Natin* sa pahina 8 ng batayang aklat. Hingin ang komento ng ilang estudyante tungkol sa mga larawan at ipasulat ito sa pisara.

4. Ipasagot naman nang pasalita sa iba pang estudyante ang dalawang tanong na kasunod ng mga larawan.
5. Ipagawa ang gawain *B* ng *Simulan Natin* sa pahina 9. Ipabigay ang kasingkahulugan ng mga salitang italisado bilang pag-aalis ng balakid para sa madaling pag-unawa sa babasahing akda.

*Pagpapayaman sa Talasalitaan*

1. Talakayin ang iba't ibang kayarian ng mga salita—payak, inuulit, maylapi, at tambalan—ayon sa isinasaad sa *Pag-aralan Natin* sa pahina 11. Magbigay ng mga halimbawa kung kinakailangan.
2. Ipagawa sa mga estudyante ang kasunod na gawain sa pahina 12. Dito'y tutukuyin nila ang kayarian ng salita, ibibigay ang kahulugan nito, at gagamitin ito sa pangungusap. Ipabahagi sa kanila ang kanilang mga sagot.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Bilang paghahanda para sa pagbasa ng akda, ipabasa at talakayin ang nakasaad sa Tandaan sa pahina 10 tungkol sa mito.
2. Ipabasa nang tahimik ang mitong “Haring Midas” sa mga pahina 9 hanggang 11 ng batayang aklat.
3. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang mito. Gawing gabay ang mga tanong sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 13.
4. *Birtuwal na Gawain:*  
Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang *face to face* na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng *online classes*. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):
  - a. Ipahanap sa internet ang mitong “*Cupid and Psyche*” na isinalin ni Vilma C. Ambat sa wikang Filipino ng Academia.Edu sa [https://www.academia.edu/35158785/Cupid\\_at\\_Psyche\\_Isinalin\\_sa\\_Ingles\\_ni\\_Edith\\_Hamilton\\_Isinalin\\_sa\\_Filipino\\_ni\\_Vilma\\_C\\_Ambat](https://www.academia.edu/35158785/Cupid_at_Psyche_Isinalin_sa_Ingles_ni_Edith_Hamilton_Isinalin_sa_Filipino_ni_Vilma_C_Ambat).
  - b. Ipanood sa YouTube ang mitong “Aponibolinayen at ang Araw” ng Mitolohiya Stories sa <https://youtu.be/StXbS3euYiU>.
  - c. Maaaring magpasaliksik sa mga estudyante ng akdang may kaugnay na paksa sa akdang tinalakay.
5. Maaaring ipagawa ang sumusunod na mga gawain bilang paghahanda sa talakayan.
  - Ipakilala ang bawat tauhang gumanap sa napanood na mito.
  - Ibigay kung ano ang mga mensaheng nais ipabatid ng may-akda.
  - Tukuyin ang mga nakitang mga aksiyon o pangyayari na ginamit sa pagsasalaysay bilang paghahanda sa malayang talakayan.

- Sabihin sa mga estudyante na humanda sa pagbabahagi ng kanilang sariling pananaw sa mga pangyayari gamit ang mga angkop na pandiwa.

*Pagsasanay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay *A*, *B*, at *C* sa *Gampanan Natin* sa pahina 13. Iproseso ang mga gawain pagkatapos.
2. Para sa pagsasanay *A*, basahin sa klase ang “Rihawani,” isang mito ng Kapampangan.

*Rihawani*  
(Mito ng Kapampangan)

Sa isang kagubatang maraming bundok sa isang lugar ng Maruglu, isang liblib na pook, ang mga naninirahan doon ay may pinaniniwalaang isang diyosa o diwata ng mga puting usa. Ito ang kuwento ng kanilang mga ninuno na unang nanirahan doon.

Ang diyos daw na ito ay tinatawag na *Rihawani*. Kung minsan ay nagpapalit daw ito ng anyo bilang isa ring puting usa. Ang mga naninirahan sa liblib na pook na ito ay ingat na ingat at takot na takot na magawi o maglalaglag sa kagubatan na pinananahanan ni Rihawani, kahit alam nilang dito sila maraming makukuhang mga bagay-bagay na maaari nilang magamit o mapagkakitaan, mga prutas, mga hayop-gubat, mga halamang-gubat, at iba pa.

Sang-ayon sa kanila, may nakasumpong na kay Rihawani. Isa sa mga taong naninirahan din doon. Minsan daw, nang maligaw ito sa pangunguha ng mga kahoy at prutas ay napadako ito sa pook ni Rihawani. Nakita raw at nasumpungan nito ang diyosa. Kahit sa malayo ay kapansin-pansin ang angking kagandahan nito, habang nakikipag-usap sa ilang mga usang puti na nasa kaniyang paligid. Nang maglakad ang mga ito sa dakong patungo sa kinaroroonan ng tao ay mabilis na humangos itong tumalilis dahil sa takot na makita ni Rihawani. Nang makarating sa bahay ay hindi magkumahog ang tao sa pagbabalita sa kaniyang nasaksihan. Mula noon ay lalo nang naging katatakutan ang kagubatang iyon.

Isang araw, may mga dayuhang dumating doon na ang pakay ay mangaso o mamaril ng hayop-gubat. Nagtanong-tanong daw ang mga ito kung saang gubat maraming mga hayop o ibon na maaaring puntahan. Itinuro nila ang gubat ngunit isinalaysay rin ang kasaysayan nito na pinananahanan ni Rihawani. Itinagubilin ding huwag pagnasaang puntahan ang pook na iyon. Para sa ikasisiguro ng lakad ay ipinagsama ng mga ito ang isang tagagabay at lumisan ang mga ito patungo sa gubat na pupuntahan. Pagdating sa paanan ng isang bundok ay napagkasunduan ng mga ito na maghiwa-hiwalay at magkita-kita na lamang sa isang lugar sa dakong hapon.

Ngunit lingid sa kaalaman ng lahat, ang isa ay nagkainteres na dumako sa gubat na pinananahanan ni Rihawani. Hindi nito pinakinggan ang tagubilin ng nakatatanda sa lugar na iyon. Nang makasapit na ito sa dakong itaas ng bundok ay naglakad-lakad muna at sinipat-sipat ang mababaril na hayop. Naisipan nito ang maputing usa na sinasabi ng matatanda. Nang mapadako ito sa gawing ilang, napansin niya ang isang pangkat ng mapuputing usa. Nang maramdaman ng mga hayop na may tao, nabulabog ang mga ito at nagtakbuhan papalayo. Hinabol ng tao ang isa at tinangkang barilin, ngunit walang natiyempuhan.

Hanggang sa may makita ito sa dakong kadawagan ng gubat, agad inasinta at binaril. Tinamaan ang puting usa sa binti at hindi na nakatakbo. At nang lalapitan na ng mangangaso ang puting usa, may biglang sumulpot sa likuran na isang puting-puting usa na malayo sa hitsura ng nabaril. Lalo itong namangha nang ang usa ay mag-iba ng anyo at naging napakagandang babae. Sinumbatan nito ang mangangaso. Sa ginawang iyon ng dayuhan, umusal ng sumpa ang diwata at ang lalaki ay naging isang puting usa rin at napabilang na sa mga alagad ni Rihawani.

Nang dakong hapon, hinanap ang lalaki ng mga kasamahan. Tinawag nang tinawag ang pangalan nito ngunit walang sumasagot. Napaghinuha na lamang ng lahat, lalo na ng kasamang gabay, na sinuway nito marahil ang tagubilin, tuloy nabilang sa sumpa ni Rihawani. Mula noon, bukod sa naging aral na sa mga nandoon ang pangyayaring iyon, ay pinangilagan na ng mga mangangaso ang dakong iyon ng kagubatan.

*Sanggunian:*

Arrogante, Jose A., Erlinda M. Dizon, Eriberta T. Maglagui, Edna Dela Cruz-Fregil. *Panitikang Filipino: Pampanahong Elektroniko* (Binagong Edisyon). Mandaluyong City: National Book Store, 2010.

*Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan* sa mga pahina 8 hanggang 13, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

*Takdang-Aralin*

1. Ipabasa ang seleksiyong “Diwata ng Bundok” sa pahina 14 ng batayang aklat.
2. Sabihin sa mga estudyante na pag-aralan ang mga gamit ng pandiwa at maghanda para sa talakayan tungkol dito.

### **Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

#### *Pagbabalik-aral at Pagganyak*

1. Magpakita sa klase ng mga larawan ng mga bundok o bulkan sa bansa, gaya ng Arayat, Makiling, Banahaw, Pinatubo, Mayon, Kanlaon, at iba pa. Tanungin kung sino sa mga estudyante ang may alam na kuwento, narinig o nabasa, na maiuugnay sa alinmang bundok o bulkan na nasa larawan.
2. Tumawag ng ilang estudyante upang magbahagi ng kuwentong kanilang narinig o nabasa.

#### *Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Mula sa binasang seleksiyon sa pahina 14, hayaan ang mga estudyante na magkaroon ng pagpapalitan ng kuro-kuro gamit ang mga ibinigay na tanong sa batayang aklat.
2. Talakayin ang iba't ibang gamit ng pandiwa ayon sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 14 at 15. Ipaisa-isa sa mga estudyante ang mga panlaping maaaring gamitin sa pandiwa.
3. Hayaan din silang magbigay ng sariling pangungusap gamit ang iba't ibang pandiwa na nabuo sa paglalagay ng mga panlapi.

#### *Pagsasanay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Himayin Natin* sa mga pahina 16 at 17. Talakayin ang mga sagot sa pagsasanay *A* at *B*.
2. Para sa pagsasanay *C*, pumili ng ilan na magbabahagi ng kanilang isinulat na talata tungkol sa hindi malilimutang karanasan nang sila ay nasa elementarya pa lamang.

### **Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 17 ng batayang aklat.

### **Pagtataya**

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga gawain sa *Gawin Natin* sa pahina 17 ng batayang aklat.
2. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang mga sagot. Tumawag ng iba pa upang lagumin ang mga natutuhan sa klase.

### **Takdang-Aralin**

1. Ipabasa ang parabulang “Nakaiwas si Melchizedek sa Bitag” sa mga pahina 20 hanggang 21 ng batayang aklat.
2. Ipasaliksik sa mga estudyante ang iba't ibang karapatang pantao.



## KARAGDAGANG PAGSASANAY

- A. Manood ng balita. Itala ang mga pandiwang ginamit sa pagbabalita at tukuyin ang gamit ng pandiwa. Gamitin ang sumusunod na talahanayan sa pagsagot.

Pamagat ng Programa:		
Pamagat ng Balita:		
<i>Pandiwa Bilang Aksiyon</i>	<i>Pandiwa Bilang Pangyayari</i>	<i>Pandiwa Bilang Karanasan</i>

- B. Sumulat ng isang balita tungkol sa larangan ng palakasan. Gamitin sa paglalahad ng balita ang mga angkop na pandiwa.

## ARALIN 2

### Diwa ng Pagkakapantay-pantay

*Mga Pahina: 18–28*

*Mungkahing Bilang ng mga Araw: 4*

#### MGA PAKSA NG ARALIN

**Panitikan:** “Nakaiwas si Melchizedek sa Bitag” (Parabula mula sa Italya)

**Gramatika:** Paggamit ng mga Pang-ugnay sa Pagsasalaysay

#### MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO

Mga Layunin	Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC
<ul style="list-style-type: none"><li>Nasusuri ang nilalaman ng parabulang binasa</li><li>Nakikiisa nang masigla sa mga gawain sa klase</li><li>Nakasusulat ng karanasan kaugnay ng paksa ng <i>montage</i></li></ul>	<b>F10PN-Ib-c-63 MELC</b> <ul style="list-style-type: none"><li>Nasusuri ang tiyak na bahagi ng napa-kinggang parabula na naglalahad ng katotohanan, kabutihan, at kagandahang asal</li></ul>

<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakagagamit ng angkop na pang- ugnay sa pasulat at pasalitang pagkukuwento</li> </ul>	<p><b>F10PB-Ib-c-63</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nasusuri ang nilalaman, elemento, at kakanyahan ng binasang akda gamit ang mga ibinigay na tanong at binasang mitolohiya</li> </ul> <p><b>F10PT-Ib-c-62</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nabibigyang-puna ang estilo ng may-akda batay sa mga salita at ekspresyong ginamit sa akda, at ang bisa ng paggamit ng salitang nagpapahayag ng matinding damdamin</li> </ul> <p><b>F10PD-Ib-c-62</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nahihinuha ang nilalaman, elemento, at kakanyahan ng pinanood na akda gamit ang mga estratehiyang binuo ng guro at estudyante</li> </ul> <p><b>F10PS-Ib-c-65</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naipakikita ang kakanyahan sa pagsasalita sa paggamit ng mga berbal at di-berbal na estratehiya</li> </ul> <p><b>F10PU-Ib-c-65</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naisusulat nang may maayos na paliwanag ang kaugnay na <i>collage</i> na may kaugnayan sa paksa</li> </ul> <p><b>F10WG-Ib-c-58</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nagagamit ang angkop na mga piling pang-ugnay sa pagsasalaysay (pagsisimula, pagpapadaloy ng mga pangyayari, at pagwawakas)</li> </ul>
--	---

#### TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan* (Ikalawang Edisyon)
- “Ang Tusong Katiwala Lukas 16:1-15 Philippine Bible Society | Filipino 10” ng iTeach Updates sa <https://youtu.be/5y8iZpBUjrM>
- “Pagkakapantay-pantay || *A Spoken Word Poetry on Human Variation*” ni Floracel Lopez sa [https://youtu.be/EL\\_X9Up0gbk](https://youtu.be/EL_X9Up0gbk)

## **KAGAMITAN**

computer o video player

## **MAHAHALAGANG TANONG**

- Paano naiiba ang parabula sa ibang akdang pampanitikan?
- Paano nakatutulong ang mga pang-ugnay sa pagsasalaysay?

## **PAMAMARAAN**

### **Pagsusuri sa Panitikan**

#### *Panimula at Pagganyak*

1. Hingin ang opinyon ng mga estudyante sa teaser na nasa ibaba ng pamagat ng aralin sa pahina 18 ng batayang aklat.
2. Ipabasa sa mga estudyante ang mahahalagang tanong sa pahina 18. Sabihin sa mga estudyante na ang mga ito ang magiging gabay nila sa pag-unawa sa mga paksang tatalakayin. Ipaalam din na ang mga tanong na ito ay kanilang sasagutin pagkatapos ng aralin.
3. Ipasuri sa mga estudyante ang mga simbolo sa gawain A ng *Simulan Natin* sa pahina 19. Tanungin sila kung pamilyar ang mga simbolong ito.
4. Ipasagot sa mga estudyante nang pasalita ang dalawang tanong na kasunod ng mga simbolo. Magkaroon ng maikling talakayan tungkol sa kanilang mga sagot.
5. Ipabigay ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga salitang matatagpuan sa gawain B ng *Simulan Natin* sa mga pahina 19 at 20.

#### *Pagpapayaman ng Talasalitaan*

1. Talakayin ang estilo ng may-akda sa pagsulat. Bigyang-pansin ang mga salitang ginamit sa ekspresyon o pagpapahayag ng damdamin.
2. Ipagawa sa mga estudyante ang gawain sa *Pag-aralan Natin* sa mga pahina 22 at 23 ng batayang aklat. Ipabahagi ang kanilang mga sagot sa gawain at iwasto ang mga ito.

#### *Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Bilang paghahanda para sa pagbasa ng akda, ipabasa at talakayin ang nakasaad sa *Tandaan Natin* sa pahina 20 tungkol sa pabula.
2. Muling ipabasa nang tahimik ang parabulang “Nakaiwas si Melchizedek sa Bitag” sa mga pahina 20 hanggang 22 ng batayang aklat.
3. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang parabula. Gawing gabay ang mga tanong sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 23.
4. Ipabasa at talakayin ang nakasaad sa *Tandaan* sa pahina 21 tungkol sa pagsasadula ng kuwento. Iugnay ito sa susunod na mga gawain.
5. *Birtuwal na Gawain:*  
Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng

online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):

- a. Ipahanap sa YouTube ang <https://youtu.be/5y8iZpBUjrM> upang mapakinggan ng mga estudyante ang parabulang “Ang Tusong Katiwala” (Lukas 16:1-15).
  - b. Ipahanap sa YouTube ang [https://youtu.be/EL\\_X9Up0gbk](https://youtu.be/EL_X9Up0gbk). Ito ay *spoken word poetry* na may pamagat na “Pagkakapantay-pantay” ni Floracel Lopez.
  - c. Magpasaliksik sa internet ng iba pang akda na naglalahad ng mga katotohanan, kabutihan, at kagandahang asal na maaaring ibahagi sa kapuwa-estudyante na magagamit nilang gabay sa pang-araw-araw na buhay.
6. Maaaring ipagawa ang sumusunod na mga gawain bilang paghahanda sa talakayan.
- Suriin ang mga bahaging naglalahad ng katotohanan, kabutihan, at kagandahang asal pagkatapos mapakinggan ang parabula.
  - Ilahad kung paano ninyo maiuugnay o maisasabuhay ang kaisipang hatid ng akda.
  - Suriin ang mga salita o ekspresyong ginamit sa parabula at ang bisa nito sa paghahayag ng damdamin.
  - Ipasuri sa mga estudyante ang nilalaman at mensahe ng spoken poetry na ginamitan ng mga angkop at piling pang-ugnay. Pagkatapos, ipaugnay ang mga ito sa kanilang sariling karanasan.

#### *Pagsasanay*

1. Ipabasa ang mga Tandaan sa pahina 23 ng batayang aklat.
2. Pangkatin ang mga estudyante at ipagawa ang mga gawain A, B, at C sa *Gampanan Natin*, mga pahina 23 hanggang 24. Ipasaalang-alang ang mga berbal at di-berbal na pagsasalita. Iproseso ang mga gawain pagkatapos.

#### *Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan*, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

#### *Takdang-Aralin*

1. Ipabasa ang akdang “Halika, Maging Tanglaw Ko” sa mga pahina 24 at 25 ng batayang aklat.
2. Sabihin sa mga estudyante na pag-aralan ang mga pang-ugnay na ginagamit sa pagsasalaysay at maghanda para sa pagtalakay tungkol dito.

## **Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

### *Pagbabalik-aral at Pagganyak*

1. Itanong sa mga estudyante kung may nakikilala na silang taong pinarangalan. Itanong din kung bakit kinilala at pinarangalan ang taong ito.
2. Tumawag ng ilang estudyante upang magbahagi ng sagot. Iugnay ang talakayan sa babasahing akda.

### *Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Muling ipabasa nang tahimik ang akda sa *Alamin Natin* sa mga pahina 24 at 25. Pagkatapos, magkaroon ng pagpapalitan ng kuro-kuro gamit ang mga tanong sa pahina 25.
2. Magkaroon ng talakayan tungkol sa iba't ibang pang-ugnay at kung paano ito ginagamit sa pagsasalaysay ayon sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 25 at 26. Pagkatapos ipabasa ang halimbawang talata, tumawag ng ilang estudyante at magpabigay ng sariling halimbawang pangungusap gamit ang mga pang-ugnay.
3. Pangkatin ang mga estudyante at ipagawa sa bawatangkat ang dugtungang pagsulat. Sabihin sa mga estudyante na sa gawaing ito, hindi pahihintulutan ang pagsasalita. Ang bawat miyembro ay kailangang dugtungan ang nauna nang naisulat ng kapangkat. Dalawa hanggang tatlong pangungusap lamang ang isusulat ng bawat miyembro.
4. Sundin ang sumusunod na pamamaraan:
  - a. Ang bawat pangkat ay uupo nang nakapaikot at ang bawat kasapi ng pangkat ay bibigyan ng takdang bilang.
  - b. Ang unang kasapi ang magsisimulang magsulat tungkol sa kahit anong paksa. Ipapasa niya ito sa ikalawang kasapi.
  - c. Durugtungan ng ikalawang kasapi ang isinulat ng unang kasapi at pagkatapos ay ipapasa naman niya ang papel sa ikatlong kasapi.
  - d. Uulitin ang prosesong ito hanggang sa umabot sa huling kasapi ng pangkat ang pagsusulat.
  - e. Pagkatapos, ibabalik ang papel sa unang kasapi para tapusin ang pagsulat.
  - f. Babasahin ng buong pangkat ang kanilang nabuo at bibigyan nila ito ng angkop na pamagat.
  - g. Babasahin ng isang kinatawan sa harap ng klase ang isinulat ng pangkat.
5. Hikayatin ang ibang estudyante na magbigay ng komento sa pagsasalaysay ng bawat pangkat. Bigyang-pansin ang mga pang-ugnay na ginamit sa pagsasalaysay.

### *Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Himayin Natin* sa mga pahina 26 at 27. Iwasto ang kanilang mga sagot pagkatapos.

### **Pagbubuod**

1. Isagawa ang *Pagpapatibay sa mga Natutuhan*. Ipasagot sa mga estudyante ang

mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin. Pagkatapos, ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 28 ng batayang aklat.

2. Ipagawa sa mga estudyante ang kanilang natutuhan ayon sa mga layunin ng aralin.

### **Pagtataya**

1. Ipagawa ang mga gawain sa *Gawin Natin* sa pahina 27 ng batayang aklat.
2. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang mga sagot. Tumawag ng iba pa upang lagumin ang mga natutuhan sa klase.

### **Takdang-Aralin**

Ipabasa ang sanaysay na “Araw na May Rebolusyon” sa mga pahina 31 hanggang 36 ng batayang aklat.

### **KARAGDAGANG PAGSASANAY**

- A. Magsagawa ng gawaing pinamagatang “Buhay Estudyante.” Bumuo ng pangkat. Magsalaysay sa mga kagrupong hindi malilimutang karanasan bilang estudyante. Sa pagsasalaysay, gumamit ng mga angkop na pang-ugnay.
- B. Bumuo ng talata tungkol sa pandemya ng COVID-19 na naranasan sa bansa. Ilahad ang iyong sariling pananaw gamit ang mga angkop na pang-ugnay.

## ARALIN 3

### Pakikipaglaban para sa Kalayaan

*Mga Pahina: 29–41*  
*Mungkahing Bilang ng mga Araw: 4*

#### MGA PAKSA NG ARALIN

**Panitikan:** “Araw na May Rebolusyon” (Sanaysay mula sa Ehipto)

**Gramatika:** Mga Pahayag sa Pagbibigay ng Sariling Pananaw

#### MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO

Mga Layunin	Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nabibigyang-reaksiyon ang mga kaisipan o ideya na tinalakay sa sanaysay</li> <li>• Nakikiisa nang masigla sa mga gawain sa klase</li> <li>• Natatalakay ang mga bahagi ng pinanood na dokumentaryo tungkol sa isang isyung pandaigdig</li> <li>• Nakagagamit ng angkop na pahayag sa pagbabahagi ng sariling pananaw</li> </ul>	<p><b>F10PN-1c-d-64</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naipaliliwanag ang pangunahing paksa at pantulong na mga ideya sa napa-kinggang impormasyon sa radyo o iba pang anyo ng <i>media</i></li> </ul> <p><b>F10PB-1c-d-64</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nabibigyang-reaksiyon ang mga kaisipan o ideya sa tinalakay na akda, ang pagiging makatotohanan/ di maka-totohanan ng mga pangyayari sa maikling kuwento</li> </ul> <p><b>F10PT-1c-d-63</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Natutukoy ang mga salitang magkakapareho o magkakaugnay ang kahulugan</li> </ul> <p><b>F10PD-1c-d-63</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Natatalakay ang mga bahagi ng pinanood na nagpapakita ng mga isyung pandaigdig</li> </ul> <p><b>F10PS-1c-d-66</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naibabahagi ang sariling reaksiyon sa ilang mahahalagang ideyang nakapaloob sa binasang akda sa pamamagitan ng <i>brainstorming</i></li> </ul> <p><b>F10PU-1c-d-66</b> <b>MELC</b></p>

	<ul style="list-style-type: none"> <li>Naitatala ang mga impormasyon tungkol sa isa sa mga napapanahong isyung pandaigdig</li> </ul> <p><b>F10WG-1c-d-59</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw</li> </ul> <p><b>F10EP-1a-b-28</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Nasasaliksik ang mahahalagang impormasyon gamit ang silid-aklatan, internet, at iba pang batis ng mga impormasyon</li> </ul>
--	--

### TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan* (Ikalawang Edisyon)
- “Alegorya ng Yungib (ni Plato) Paliwanag sa Sanaysay” ng SefinaTV sa <https://youtu.be/R6hok2YmrIk>
- “Bandila: Ilang isyu sa politika, nagpapalubha ba sa kahirapan?” ng ABS-CBN News sa <https://youtu.be/6iK-NcV99JA>
- “Awit ng Pag-asa (Para sa mga Frontliners) awit ng pagkakaisa sa panahon ng pandemya” ng Alpha Records sa <https://youtu.be/7pfNxxwIXocE>
- “Tumindig Ka by Buklod” ng Simplestah sa <https://youtu.be/1JfIBYAxTuM>
- “Batas Militar (1/11) Martial Law in the Philippines ng NinoyAquinoTV sa <https://youtu.be/l9qpHqzeF8c>

### MGA KAGAMITAN

- video o recording* tungkol sa batas militar
- larawan o imahe ng iba’t ibang *posts* sa *social media*

### MAHAHALAGANG TANONG

- Paano ipinakita ng mga bayani ang pagmamahal para sa kalayaan?
- Paano mo ipahahayag ang iyong opinyon nang hindi nakasasakit ng damdamin ng ibang tao?

### PAMAMARAAN

#### Pagsusuri sa Panitikan

##### *Panimula at Pagganyak*

- Hingin ang opinyon ng mga estudyante tungkol sa teaser na nasa ibaba ng pamagat ng aralin sa pahina 29 ng batayang aklat.
- Ipapanood sa klase ang *video clip* tungkol sa batas militar na maaaring makita sa <https://youtu.be/l9qpHqzeF8c> o sa ibang katulad na sanggunian.



3. Hingin ang opinyon ng mga estudyante tungkol sa kanilang napanood.
4. Ipagawa sa mga estudyante ang mga gawain *A* sa *Simulan Natin* sa mga pahina 30 at 31 ng batayang aklat. Ipasagot sa kanila sa pasalitang paraan ang dalawang tanong.
5. Ipagawa naman ang gawain *B* ng *Simulan Natin* sa pahina 31 bilang pag-aalis ng balakid.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

Ipagawa ang gawain sa *Pag-aralan Natin* sa pahina 36 tungkol sa mga salitang magkapareho o magkaugnay. Ipabahagi sa klase ang mga sagot ng mga estudyante at ipagamit ang mga salita sa kanilang sariling pangungusap.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Bilang paghahanda para sa pagbasa ng akda, ipabasa at talakayin ang nakasaad sa *Tandaan* sa pahina 33 tungkol sa kahulugan, uri, at bahagi ng sanaysay.
2. Muling ipabasa nang tahimik ang sanaysay na “Araw na May Rebolusyon” sa mga pahina 31 hanggang 36 ng batayang aklat.
3. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang sanaysay. Gawing gabay ang mga tanong sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 36. Idagdag sa talakayan ang sumusunod:
  - a. Ihambing ang mga pangyayari at karanasan ng mga taga-Ehipto sa mga naganap at nagaganap sa bansa.
  - b. Paano nakatutulong ang social media sa panlipunang pakikipag-unayan ng tao?
4. *Birtuwal na Gawain:*  
 Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahang, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):
  - a. Ipahanap sa YouTube ang “Ang Alegorya ng Yungib” sa <https://youtu.be/R6hok2YmrIk>
  - b. Ipanood ang balitang “Bandila: Ilang isyu sa politika, nagpapalubha ba sa kahirapan?” sa <https://youtu.be/6iK-NcV99JA>
  - c. Ipahanap sa internet ang “Awit ng Pag-asa (Para sa mga Frontliner)” sa <https://youtu.be/7pfNwIXocE>
5. Maaaring ipagawa ang sumusunod na mga gawain bilang paghahanda sa talakayan.
  - Ipatukoy ang pangunahing paksa at pantulong na mga ideya sa mga impormasyong napanood, napakinggan, o nabasa. Humandang ipaliwanag ito sa klase.
  - Ipasulat at ipasuri ang mga impormasyon tungkol sa isyung pandaigdig.
  - Ipalatag ang mga mungkahing solusyon sa mga isyung pandaigdig kung sila

- ang tatayong lider ng isang bansa.
- Suriin ang mga kaisipan o ideyang ipinahayag sa napanood, napakinggan o nabasa, kung ito ay nagsasaad ng katotohanan. Ibigay ang iyong reaksiyon sa narinig na paglalahad.
- Tukuyin ang mga salitang ginamit sa napanood, napakinggan, o nabasa na magkakaipareho o magkakaugnay ang kahulugan.

#### *Pagsasanay*

1. Ipagawa ang gawain *A* sa *Gampanan Natin* sa mga pahina 36 hanggang 37. Iproseso ang mga sagot ng mga estudyante.
2. Ibigay bilang takdang-gawain ang mga gawain *B* at *C* sa pahina 37. Pagkatapos, ipalahad sa klase ang resulta ng kanilang ginawang panonood at pananaliksik.

#### *Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan*, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

#### *Takdang-Aralin*

1. Ipabasa ang akdang “*Million People March*” sa pahina 38 ng batayang aklat.
2. Sabihin sa mga estudyante na pag-aralan ang mga pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw at maghanda para sa talakayan tungkol dito.

### **Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

#### *Pagbabalik-aral at Pagganyak*

1. Iparinig sa mga estudyante ang awit na “Tumindig Ka” ng grupong Buklod. Maaari ding ipapanood ang video nito mula sa <https://youtu.be/1Jf1BYAxTuM> o sa ibang katulad na sanggunian.
2. Sabihin sa mga estudyante na pumili ng isa hanggang tatlong linya mula sa awit na nakatawag ng kanilang pansin at saka isulat ang kanilang saloobin tungkol dito.
3. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi sa klase ang mga napiling linya at ang kanilang saloobin.

#### *Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipabasa nang tahimik ang teksto sa *Alamin Natin* sa pahina 38 ng batayang aklat. Pagkatapos, magkaroon ng pagpapalitan ng kuro-kuro gamit ang mga tanong na kasunod nito.
2. Talakayin ang iba’t ibang pahayag sa pagbibigay ng sariling pananaw.
3. Ipakita sa klase ang iba’t ibang larawan o imahe ng post mula sa social media. Hingin ang kanilang pananaw tungkol dito.

### *Pagsasanay*

1. Ipagawa ang mga gawain sa *Himayin Natin* sa mga pahina 39 at 40. Iproseso ang mga gawain pagkatapos.
2. Ibigay bilang takdang-gawain ang gawain *B*. Ipalahad sa ilang estudyante ang kanilang pananaw ukol sa balitang napanood.

### **Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 41 ng batayang aklat.

### **Pagtataya**

1. Ipagawa ang *Gawin Natin* sa pahina 41.
2. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang mga sagot.
3. Pumili ng iba pa upang lagumin ang mga natutuhan sa klase.

### **Takdang-Aralin**

Ipabasa ang *Epiko ni Alp Er Tonga* sa mga pahina 44 hanggang 51 ng batayang aklat.

### **KARAGDAGANG PAGSASANAY**

- A. Magsagawa ng pagtatalo o debate sa klase. Manood ng balita o magbasa ng diyaryo upang magkaroon ng kamalayan sa mga isyung panlipunan. Pumili ng isang isyu na pag-uusapan at hatiin ang klase ayon sa paninindigan (*halimbawa*: sang-ayon o hindi sang-ayon).
- B. Bumuo ng dalawang talata tungkol sa iyong sariling opinyon ukol sa *Modular Learning*. Ipaliwanag kung ikaw ba’y sang-ayon o di sang-ayon sa paraang ito ng pagtuturo.

## ARALIN 4

### Diwa ng Kabayanihan

*Mga Pahina: 42–57*

*Mungkahing Bilang ng mga Araw: 4*

#### MGA PAKSA NG ARALIN

**Panitikan:** *Epiko ni Alp Er Tonga* (Epiko mula sa Turkiya)

**Gramatika:** Hudyat sa Pagsusunod-sunod ng Pangyayari

#### MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO

Mga Layunin	Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC
<ul style="list-style-type: none"><li>• Nakasusuri ng isang epiko</li><li>• Nakikiisa nang masigla sa mga gawain sa klase</li><li>• Naibibigay ang sariling interpretasyon kung bakit ang mga suliranin ay ipinararanas ng may-akda sa pangunahing tauhan ng epiko</li><li>• Nagagamit nang wasto ang mga hudyat sa paglalahad ng mga pangyayari</li></ul>	<p><b>F10PN-Ie-f-65</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Nahihinuha ang katangian ng tauhan sa napakinggang epiko</li></ul> <p><b>F10PB-Ie-f-65</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Naibibigay ang sariling interpretasyon sa mga kinaharap na suliranin ng tauhan</li></ul> <p><b>F10PB-Ie-f-66</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Napangangatuwiran ang kahalagahan ng epiko bilang akdang pandaigdig na sumasalamin ng isang bansa</li></ul> <p><b>F10PT-Ie-f-64</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Nabibigyang-puna ang bisa ng paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng matinding damdamin</li></ul> <p><b>F10PT-Ie-f-65</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Naipaliliwanag ang mga alegoryang ginamit sa binasang akda</li></ul> <p><b>F10PD-Ie-f-64</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Natutukoy ang mga bahaging napanood na tiyakang nagpapakita ng ugnayan ng mga tauhan sa puwersa ng kalikasan</li></ul>

	<p><b>F10PS-Ie-f-67</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Nababasa nang paawit ang ilang piling saknong ng binasang akda</li> </ul> <p><b>F10PU-Ie-f-67</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Naisusulat nang wasto ang pananaw tungkol sa pagkakaiba-iba at pagkaka-tulad at ng mga epikong pandaigdig; ang paliwanag tungkol sa isyung pandaigdig na iniuugnay sa buhay ng mga Pilipino; ang sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahambing sa kultura ng ibang bansa; at suring basa ng nobelang nabasa o napanood</li> </ul> <p><b>F10WG-Ie-f-60</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari</li> </ul>
--	--

#### TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan* (Ikalawang Edisyon)
- “Epiko ni Gilgamesh (Buod ng Buong Kuwento)” ni TitserMJ TV sa <https://youtu.be/jv7E7BkkV10>
- “Ang Tinig ng Ligaw na Gansa (Salin sa Filipino ni Vilma Ambat)/ Mga Uri ng Tulang Liriko” ni Titser Khaye sa <https://youtu.be/5FLXXWEwnTA>

#### MGA KAGAMITAN

- mga larawan ng mga tauhan sa teleseryeng *Indio* ng GMANetwork
- computer o video player

#### MAHAHALAGANG TANONG

- Bakit maaaring maging salamin ng isang bansa ang mga epiko nito?
- Paano nakatutulong ang paggamit ng mga hudyat na salita sa pagpapadaloy ng mga pangyayari sa kuwento?


#### PAMAMARAAN

##### Pagsusuri sa Panitikan

##### *Panimula at Pagganyak*

- Hingiin ang opinyon ng mga estudyante tungkol sa teaser na matatagpuan sa pahina 42 ng batayang aklat.
- Ibabasa sa mga estudyante ang mahahalagang tanong sa pahina 42. Ipaalam sa

- kanila na sasagutin nila ang mga ito pagkatapos ng aralin.
3. Ipasuri sa mga estudyante ang mga larawan sa gawain *A* ng *Simulan Natin* sa pahina 43 ng batayang aklat. Ipasagot sa kanila sa pasalitang paraan ang dalawang tanong na kasunod ng mga larawan.
  4. Isulat ang kanilang sagot sa pisara at itala ito gamit ang anomang *graphic organizer*. Tingnan ang halimbawa:



5. Ipasalin sa payak na pahayag ang gawain *B* ng *Simulan Natin* sa pahina 44.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

1. Magkaroon ng maikling talakayan tungkol sa kahulugan at gamit ng *alegorya*. Ipabasa sa mga estudyante ang nakasaad sa *Pag-aralan Natin* sa mga pahina 51 at 52.
2. Ipagawa ang kasunod na gawain ng binasang teksto. Pagkatapos, ipabahagi sa klase ang mga sagot ng mga estudyante.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Bilang paghahanda para sa pagbasa ng akda, ipabasa at talakayin sa mga estudyante ang nakasaad sa *Tandaan Natin* sa pahina 44 tungkol sa epiko.
2. Muling ipabasa nang tahimik ang *Epiko ni Alp Er Tonga* sa mga pahina 44 hanggang 51 ng batayang aklat.
3. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang epiko. Gawing gabay ang mga tanong sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 52.
4. *Birtuwal na Gawain:*  
Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan,

dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):

- a. Ipanood ang *Epiko ni Gilgamaesh* sa YouTube na matatagpuan sa <https://youtu.be/jv7E7BkkV10>
  - b. Ipanood o ipabasa sa mga estudyante ang tulang “Ang Tinig ng Ligaw na Gansa” sa <https://youtu.be/5FLXXWEwnTA>
5. Maaaring ipagawa ang sumusunod na mga gawain bilang paghahanda sa talakayan.
- Suriin ang mga katangian ng mga tauhan sa epiko o tulang napakinggan o napanood.
  - Ibigay ang kaibahan ng mga tauhang gumaganap sa akda sa ibang akdang pampanitikan.
  - Tukuyin ang kahalagahan ng epiko at tula bilang akdang pandaigdig na sumasalamin sa isang bansa.
  - Suriin ang mga kaisipan at mensaheng nais ipabatid ng may-akda.
  - Ibigay ang mga symbolismong ginamit sa akda at ipaliwanag kung ano ang pagpapakahulugan sa bawat simbolismo.
5. Magpasaliksik ng iba pang halimbawa ng epiko at ipasuri ayon sa sumusunod:
- a. Mga katangian ng tauhan
  - b. Mga suliraning napagtagumpayan ng mga tauhan
  - c. Mga symbolismong ginamit sa akda
  - d. Mga salita o diyalogong nagpapahayag ng matinding damdamin
7. Pagkatapos, ipataguyod sa mga estudyante ang buod ng akda gamit ang angkop na mga hudyat sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

#### *Pagsasanay*

1. Ipagawa ang mga gawain sa *Gampanan Natin* sa mga pahina 52 at 53.
2. Maaaring ibigay bilang takdang-gawain ang mga gawain *A* at *B*. Ipalahad sa klase ang magiging resulta ng panonood at ng pananaliksik.
3. Para sa gawain *C*, basahin ang sumusunod na diyalogo na hango sa teksto.
  - Haring Peseng:* Alam ninyo ang ginawa ng mga Persian sa atin. Panahon na para maghiganti sa mga Turko.
  - Alp Er Tonga:* Kaya kong labanan ang mga leon. Maghihiganti ako sa Persia!
  - Alp Ariz:* Ama! Ikaw ang dakila sa lahat ng mga Turko. Alam nating patay na si Minucehr, subalit mayroon pa rin itong magigiting na hukbo. Huwag tayong magpadalos-dalos. Kung gagawin natin ito, ang ating bansa ay maaaring mawasak.
  - Haring Peseng:* Si Alp Er Tonga ay isang leon sa pangangaso at isang pandigmang elepante sa giyera. Siya ay isang bayani, buwaya. Kailangan niyang maghiganti para sa ating mga ninuno. Kailangang samahan mo siya.

### *Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Pampanitikan*, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

### *Takdang-Aralin*

1. Ipabasa sa mga estudyante ang akdang “*Indio: Epiko ng Kasalukuyan*” sa mga pahina 53 at 54.
2. Sabihin sa kanila na pag-aralan ang mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng pangyayari at maghanda para sa talakayan tungkol dito.

### **Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

#### *Pagbabalik-aral at Pagganyak*

1. Sa pamamagitan ng *Three-Minute Paper Activity*, ipasagot sa mga estudyante ang sumusunod na mga tanong:
  - a. Ano ang pinakamahalagang bagay na natutuhan ninyo sa aralin kahapon?
  - b. Ano pa ang hindi malinaw tungkol sa aralin?
  - c. Ano pa ang gusto mong malaman tungkol sa aralin?
2. Ipasulat sa papel ang kanilang mga sagot. Sabihin na dapat nila itong matapos sa loob ng tatlong minuto. Pagkatapos, magkaroon ng pagbabahaginan ng sagot.
3. Linawin sa mga estudyante ang mga konseptong hindi malinaw, kung mayroon man.
4. Ipakita sa mga estudyante ang larawan ng mga tauhan sa teleseryeng *Indio*. Alamin kung sino-sino ang nakapanood nito. Itanong ang sumusunod: Ano ang paksa ng teleserye? Ano-anong eksena mula rito ang naaalaala pa ninyo?
5. Iugnay ang mga sagot sa babasahing teksto.

#### *Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Muling ipabasa nang tahimik ang akda sa *Alamin Natin* sa mga pahina 53 at 54. Pagkatapos, magkaroon ng pagpapalitan ng kuro-kuro gamit ang mga tanong sa pahina 54.
2. Magkaon ng talakayan tungkol sa iba’t ibang hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari ayon sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa pahina 54 at 55.
3. Magpakuwento sa mga estudyante ng paborito nilang pelikula o nobela. Paalalahanan silang gumamit ng mga salitang hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

#### *Pagsasanay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga gawain sa *Himayin Natin* sa mga pahina 55 at 56. Ibigay ang ibang gawain bilang takdang-aralin, kung kinakailangan.



**Pagbubuod**

1. Isagawa ang *Pagpapatibay sa mga Natutuhan*. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 56 ng batayang aklat.

**Pagtataya**

1. Ipagawa ang *Gawin Natin* sa pahina 56 ng batayang aklat.
2. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang mga sagot. Tumawag ng iba pa upang lagumin ang mga natutuhan sa klase.

**Takdang-Aralin**

Ipabasa ang maikling kuwentong “Ang Kuwintas” sa mga pahina 60 hanggang 70 ng batayang aklat.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**

- A. Ibuod ang *Epiko ni Alp Er Tonga*. Gumamit ng mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa isusulat na buod.
- B. Magsaliksik ng isang epiko, basahin at isulat ang buod gamit ang mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

**ARALIN 5****Pagpapakasakit**

*Mga Pahina: 58–77*

*Mungkahing Bilang ng mga Araw: 4*

**MGA PAKSA NG ARALIN**

**Panitikan:** “Ang Kuwintas” (Maikling Kuwento mula sa Pransiya)

**Gramatika:** Panghalip Bilang Panuring

**MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO**

Mga Layunin	Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakasusuri ng isang maikling kuwento</li> <li>• Napatutunayan na ang mga pangyayari sa akda ay maaaring maganap sa tunay na buhay</li> </ul>	<b>F10PN-If-g-66 MELC</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naipaliliwanag ang ilang pangyayaring napakinggan na may kaugnayan sa kasalukuyang mga pangyayari sa</li> </ul>

	<p>daigdig</p> <p><b>F10PB-lf-g-67</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Napatutunayang ang mga pangyayari sa akda ay maaaring maganap sa tunay na buhay</li> </ul> <p><b>F10PB-lf-g-67</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakapagbibigay ng mga halimbawang pangyayari sa buhay kaugnay ng binasa</li> </ul> <p><b>F10PT-lf-g-66</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salita o ekspresyong ginamit sa akda batay sa konteksto ng pangungusap</li> </ul> <p><b>F10PD-lf-g-65</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Napahahalagahan ang napanood na pagtatanghal ng isang akda sa pamamagitan ng paghanap ng simbolong nakapaloob dito</li> </ul> <p><b>F10PS-lf-g-68</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakikibahagi sa <i>round table discussion</i> kaugnay ng mga isyung pandaigdig</li> </ul> <p><b>F10PU-lf-g-68</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naisusulat ang paliwanag tungkol sa isyung pandaigdig na iniuugnay sa buhay ng mga Pilipino</li> </ul> <p><b>F10WG-lf-g-61</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan</li> </ul> <p><b>F10EP-lf-g-29</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakagamit ng internet para sa pananaliksik</li> </ul>
--	---

#### TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan* (Ikalawang Edisyon)
- “KALAM” *A Documentary Film*” ni Emer James Urbano sa [https://youtu.be/v-Xaeu\\_UXSs](https://youtu.be/v-Xaeu_UXSs)
- “3 Bagay na Nagpapakita ng Totoong Ugali ng Isang Tao || Fr. Jowel Jomarcus Gatus” ni Fr. Jowel Jomarsus P. Gatus sa [https://youtu.be/\\_ugNra0dgjs](https://youtu.be/_ugNra0dgjs)

## MGA KAGAMITAN

- *manila paper* o kartolina
- computer o video player

## MAHAHALAGANG TANONG

- Paano nakatutulong ang maikling kuwento bilang isang akdang pampanitikan upang isiwalat ang nangyayari sa tunay na buhay?
- Ano ang kahalagahan ng paggamit ng mga panghalip na panuring sa isang paglalahad o pagsasalaysay?

## PAMAMARAAN

### Pagsusuri sa Panitikan

#### *Panimula at Pagganyak*

1. Hingiin ang opinyon ng mga estudyante sa teaser na nasa ibaba ng pamagat ng aralin sa pahina 58 ng batayang aklat.
2. Ipabasa sa mga estudyante ang mahahalagang tanong sa pahina 58. Sabihin na ang mga ito ang kanilang magiging gabay sa pag-unawa ng mga paksa sa aralin. Ipaalam sa kanila na sasagutin ang mga ito pagkatapos ng aralin.
3. Ipasagot sa mga estudyante ang mga gawain *A* at *B* sa *Simulan Natin* sa mga pahina 59 at 60 ng batayang aklat. Talakayin ang mga sagot at iugnay ito sa kuwentong babasahin.
4. Magdikit ng manila paper o kartolina sa pisara. Sabihin sa mga estudyante na pumili ng isa sa mga pinahalagahan nilang pag-uugali at isulat ito sa manila paper o kartolina.
5. Inaasahan na sa pagsagot nila ay makabubuo ang klase ng *Kard ng Pag-uugali*.

<i>Kard ng Pag-uugali</i>				
matapat	masipag	masayahin	matulungin	matiyaga
malinis	magalang	matipid	maaasahan	malambing
maalalahanin	masikap		mapagbigay	maparaan
madasalin	makabayan	malikhain	makatao	makatarungan
mapagpasalamat	palabiro	palabati	palakaibigan	

#### *Pagpapayaman ng Talasalitaan*

1. Ipaliwanag ang pagbibigay ng kahulugan sa salita sa pamamagitan ng konteksto. Magbigay ng mga halimbawa kung kinakailangan.
2. Ipagawa sa mga estudyante ang gawain sa *Pag-aralan Natin* sa pahina 71 ng batayang aklat. Ipabahagi ang kanilang mga sagot at ipagamit ang mga bagong salita sa makabuluhang pangungusap.

#### *Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang kuwentong “Ang Kuwintas” sa pahina 60 hanggang 70.

2. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang kuwento. Gawing gabay ang mga tanong sa *Pag-isipan Natin* sa mga pahina 71 at 72.
3. Ipabasa at talakayin ang nakasaad sa *Tandaan* sa pahina 61.
4. Ipapanood sa YouTube ang [https://youtu.be/v-Xaeu\\_UXSs](https://youtu.be/v-Xaeu_UXSs), ang documentary film na “Kalam.” Ipagawa ang sumusunod sa mga estudyante bilang paghahanda sa talakayan.
  - a. Ibigay ang mga pangyayari sa akda na napakinggan na may kaugnayan sa kasalukuyang mga pangyayari sa daigdig.
  - b. Tukuyin at bigyang-patunay ang mga pangyayari sa akda na nagaganap din sa tunay na buhay.
  - c. Magbigay ng maaaring mga mungkahing solusyon sa mga pangyayaring inilahad sa akda.
5. *Birtuwal na Gawain:*  
 Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):
  - a. Ipanood ang homiliya ni Rev. Fr. Jowel Jomarsus tungkol sa “3 Bagay na Magpapakita ng Totoong Ugali ng Isang Tao” sa YouTube. Maaaring ibigay ang link na [https://youtu.be/\\_ugNra0dgjs](https://youtu.be/_ugNra0dgjs).
  - b. Maaaring magpasaliksik sa mga estudyante ng mga akdang may kaugnayan sa mga isyung pandaigdig na may kaugnayan sa nagaganap sa tunay na buhay.
6. Ipagawa ang sumusunod bilang paghahanda ng mga estudyante sa pakikibahagi sa round table discussion kaugnay ng mga isyung pandaigdig.
  - Suriin ang kaugnayan ng homiliya ni Fr. Jowel sa buhay ng mga Pilipino at sa mga isyung pandaigdig.
  - Ibigay ang inyo sariling pananaw sa nabasa o napakinggan.
  - Magbigay ng mga halimbawang pangyayari sa tunay na buhay kaugnay ng nabasa.
  - Tukuyin at ipaliwanag ang mga ekspresyong ginamit sa homiliya batay sa konteksto ng pangungusap.

#### *Pagsasanay*

Ipagawa ang mga gawain A, B, at C sa *Gampanan Natin* sa mga pahina 72 at 73. Iproseso ang mga gawain pagkatapos.

#### *Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan*, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.

2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mg estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

*Takdang-Aralin*

1. Ipabasa sa mga estudyante ang teksto sa *Alamin Natin* sa pahina 73 ng batayang aklat.
2. Sabihan sila na pag-aralan ang gamit ng panghalip bilang panuring at maghanda para sa talakayan tungkol dito.

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Pagbabalik-aral at Pagganyak*

Sa pamamagitan ng sumusunod na balangkas, muling pag-usapan ang kuwentong “Ang Kuwintas.”

*Ang Kuwintas*

<i>Banghay</i>		<i>Mga Tauhan</i>	
	<i>Iba Pang Tala</i>		
<i>Tagpuan</i>			<i>Tema</i>

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Muling ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang teksto sa *Alamin Natin* sa pahina 73. Pagkatapos, magkaroon ng pagpapalitan ng kuro-kuro gamit ang mga tanong na kasunod ng binasang teksto.
2. Talakayin ang panghalip bilang panuring. Isa-isahin ang mga anyo ng panghalip na ginagamit bilang panuring ayon sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 73 hanggang 75. Ipagamit sa makabuluhang diyalogo ang iba’t ibang panghalip.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Himayin Natin* sa mga pahina 75 at 76. Iproseso ang mga gawain pagkatapos.

**Pagbubuod**

1. Isagawa ang *Pagpapatibay ng mga Natutuhan*. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 77 ng batayang aklat.

**Pagtataya**

1. Ipagawa sa mga estudyante ang bahaging *Gawin Natin* sa pahina 76 ng batayang aklat.
2. Tumawag ng ilang mga estudyante upang ibahagi ang kanilang mga sagot. Tumawag ng iba pa upang lagumin ang mga natutuhan sa klase.

**Takdang-Aralin**

Ipabasa ang tekstong “Si Marcelo” sa mga pahina 80 hanggang 88 ng batayang aklat.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**

- A. Magsagawa ng *dyad*. Humanap ng kapareha at magbahaginan ng mga kaya ninyong isakripisyo o gawin para sa pamilya.
- B. Pumili ng isang lathalain na tumatalakay sa isyung pandaigdig. Ipaliwanag kung bakit ang isyung napili ay may kaugnayan sa buhay ng mga Pilipino.

## Aralin 6

# Pag-ibig sa Bayan

*Mga Pahina: 78–95*  
*Mungkahing Bilang ng mga Araw: 4*

### MGA PAKSANG ARALIN

**Panitikan:** “Si Marcelo” (Ikalawang Kabanata ng Nobelang *Ang Anak ng Kardenal* mula sa Italya)

**Gramatika:** Paggamit ng mga Angkop na mga Pahayag sa Pagsusuri ng Akda

### MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO

Mga Layunin	Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela gamit ang alinmang dulong sa pagsusuri</li> <li>• Naihahambing ang ilang pangyayari sa napanood na dula sa mga pangyayari sa binasang kabanata</li> <li>• Nakikiisa nang masigla sa mga gawain sa klase</li> <li>• Nagagamit ang mga angkop na pahayag sa pagsusuri ng akda</li> </ul>	<p><b>F10PN-ig-h-67</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naibibigay ang katangian ng isang tauhan batay sa napakinggang diyologo</li> </ul> <p><b>F10PB-ig-h-68</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela bilang isang akdang pampanitikan sa pananaw humanismo o alinmang angkop na pananaw</li> </ul> <p><b>F10PT-ig-h-67</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakikilala ang pagkakaugnay-ugnay ng mga salita ayon sa antas o tindi ng kahulugang ipinahahayag nito (<i>clining</i>)</li> </ul> <p><b>F10PD-ig-h-66</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naihahambing ang ilang pangyayari sa napanood na dula sa mga pangyayari sa binasang kabanata ng nobela</li> </ul> <p><b>F10PS-ig-h-69</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nailalarawan ang kultura ng mga tauhan na nasasalamín sa kabanata</li> </ul> <p><b>F10PU-ig-h-69</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naisasadula ang isang pangyayari sa tunay na buhay na may pagkakatulad sa mga piling pangyayari sa kabanata ng nobela</li> </ul>

	<b>F10WG-Ig-h-62</b>
--	----------------------

- Nagagamit ang angkop na mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari

### TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan* (Ikalawang Edisyon)
- “Manindigan” Tula ni Angelo Madarang sa <https://www.scribd.com/doc/128357345/Siklab-Mga-tula-ng-Pakikibaka>
- “Ang Kuba ng Notre Dame | *The Hunchback Of Notre Dame Story in Filipino*” ng Filipino Fairy Tales sa <https://youtu.be/GcDVKClb70M>
- “Ang Tondo Man May Langit Din” ni Andres Cristobal Cruz sa <https://www.scribd.com/document/427182198/ang-tondo-man-ay-may-langit-din>
- “Balitang Amianan: Problema sa Agrikultura” ng GMA Regional TV News sa [https://www.youtube.com/watch?v=g\\_G0UP2pjIY](https://www.youtube.com/watch?v=g_G0UP2pjIY)
- “Bayan o Sarili: Heneral Luna Film Review” ng The Benildean sa <https://read.thebenildean.org/2015/09/bayan-o-sarili-heneral-luna-film-review>

### MGA KAGAMITAN

- sipi ng tulang “Manindigan”
- *clipping* ng mga balita mula sa pahayagan
- rebyu ng pelikulang “Heneral Luna”
- computer o video player

### MAHAHALAGANG TANONG

- Paano nasasalamín sa mga akdang pampanitikan ang mga isyung panlipunan?
- Paano ka nagbibigay-katwiran sa isang paksa?

### PAMAMARAAN

#### Pagsusuri sa Panitikan

##### *Panimula at Pagganyak*

1. Hingin ang opinyon ng mga estudyante ukol sa teaser na nasa ibaba ng pamagat ng aralin sa pahina 78 ng batayang aklat.
2. Ipaskil ang sipi ng tula o iparinig sa mga estudyante ang tulang “Manindigan.” Maaari din namang ipabasa ito sa kanila nang sabay-sabay.



“Mandirigma”

Naranasan mo na ang  
tunay na pagkapisista  
ng rehimen na tuta  
at ng imperyalistang amo nila

sa ngayon  
ang lahat na’y natitipon  
upang ipaglaban ang lungsod at nayon  
at palayain ang bayan ngayon

nagmartsa na ang mga magsasaka  
para sa kanilang lupa  
sumama na rin ang mga  
manggagawa para sa karapatan nila

Sulong, Masang Anakpawis  
Tumindig ka’t humagibis  
Para sa Paglayang naisat sa pag-agaw  
na mabilis!

3. Itanong sa mga estudyante ang sumusunod:
  - a. Sino ang nagsasalita sa tula?
  - b. Ano ang paksa ng tula?
  - c. Ano ang mensahe nito?
4. Ipasagot sa mga estudyante ang mga gawain A at B ng *Simulan Natin*, sa pahina 79 at 80 ng batayang aklat. Iugnay ang kanilang mga naging sagot sa tulang napakinggan.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

Talakayin ang klino ayon sa isinasaad sa *Pag-aralan Natin* sa pahina 88. Pagkatapos, ipagawa sa mga estudyante ang gawain sa mga pahina 88 at 89. Ipabahagi ang kanilang mga sagot at ipagamit ang mga salita sa makabuluhang pangungusap.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Muling ipabasa nang tahimik ang tekstong “Si Marcelo” sa mga pahina 80 hanggang 88 ng batayang aklat.
2. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang kabanata. Gawing gabay ang mga tanong sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 89.
3. Ipabasa ang nakasaad sa *Tandaan* sa pahina 84 tungkol sa panunuri. Isa-isang talakayin ang mga dulog na maaaring gamitin sa pagsusuri ng isang akda.
4. *Birtuwal na Gawain:*

Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):

  - a. Ipanood ang akdang “Ang Kuba ng Notre Dame” sa <https://youtu.be/GcDVKClb70M>
  - b. Ipabasa ang isang kabanata ng nobelang *Ang Tondo Man May Langit Din* ni

Andres Cristobal Cruz na matatagpuan sa <https://www.scribd.com/document/427182198/ang-tondo-man-ay-may-langit-din>.

5. Maaaring ipagawa ang sumusunod na mga gawain bilang paghahanda sa talakayan.
  - Tukuyin ang mga katangian ng tauhan batay sa napakinggang diyalogo.
  - Suriin ang napanood o nabasa gamit ang isa sa mga natalakay na pananaw sa pagsusuri ng nobela.
  - Ilarawan ang kultura ng mga tauhan na masasalamain sa akdang napanood o nabasa.
  - Ibigay ang mga kaugnayan ng mga salita ayon sa tindi ng ipinahahayag nito.

#### *Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga gawain sa *Gampanan Natin* sa pahina 90 ng batayang aklat. Iproseso ang mga gawain pagkatapos.

#### *Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan*, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

#### *Takdang-Aralin*

1. Ipabasa sa mga estudyante ang teksto sa *Alamin Natin* sa mga pahina 91 at 92 ng batayang aklat.
2. Sabihin sa kanila na pag-aralan ang mga angkop na pahayag sa pagsusuri ng akda at maghanda para sa talakayan tungkol dito.

### **Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

#### *Pagbabalik-aral at Pagganyak*

1. Ipapanood sa mga estudyante ang balita mula sa GMA Regional TV na “Problema sa Agrikultura” na matatagpuan sa [https://www.youtube.com/watch?v=g\\_G0UP2pjIY](https://www.youtube.com/watch?v=g_G0UP2pjIY). Sabihan sila na maaari ding maghanap ng ibang mas napapanahong artikulo o balita na kaugnay ng paksa.
2. Magkaroon ng talakayan tungkol sa balitang napanood at napakinggan gamit ang sumusunod na mga tanong:
  - a. Ano ang paksa ng balita?
  - b. Sa palagay ninyo, nasolusyunan na ba ang problemang tinalakay sa teksto? Patunayan.
  - c. Ano ang maaaring gawin ng karaniwang mamamayan upang makatulong sa paglutas sa problemang ito?

### *Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Muling ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang teksto sa *Alamin Natin* sa mga pahina 91 at 92. Pagkatapos, magkaroon ng pagpapalitan ng kuro-kuro gamit ang mga tanong na kasunod nito.
2. Isagawa ang pagtalakay tungkol sa paggamit ng angkop na mga pahayag sa pagsusuri ng akda ayon sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 92 at 93.
3. Ipasuri sa mga estudyante ang sumusunod na rebyu ng pelikulang *Heneral Luna* mula sa *The Benildean*.

#### *Bayan o Sarili: Heneral Luna Film Review*

Sa pagbukas ng pelikulang “Heneral Luna” ni Jerrold Tarog, muling balikan at buksan ang kuwento ng kagitingan ng isang heneral at ng iba pang kontrobersiyal na bahagi ng kasaysayan.

Hindi lubos na mauunawaan ang kasalukuyan kung hindi babalikan ang kasaysayan. Kaya sa pagbukas ng pelikulang “Heneral Luna” ni Jerrold Tarog noong Setyembre 9, 2015, nabuksan sa madla ang kuwento ng kagitingan ng isang heneral at ng iba pang kontrobersiyal na bahagi ng kasaysayan. Naging usap-usapan ng mga *netizen* ang pelikula at mistulang naging *viral* pa ang posibleng maagang pagkakatanggal nito sa mga sinehan. Muli nating hawiin ang kurtina at tanawin ang kasaysayan sa likod ni Heneral Luna.

Mapangahas at puno ng tapang ang grupo ni Direk Jerrold Tarog sa pagnanais na ibunyag ang madilim na bahagi ng kasaysayan. Ang kasaysayan ng kinagisnan nating mga bayani ay may kinalaman din sa kontrobersiyal na krimen ng pagpatay sa kapuwa-Pilipino. Umiikot ang istorya sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano at kung paano lumaban ang mga Pilipino upang hindi tuluyang masakop ng mga dayuhan at makamit ang soberanya.

#### *Pilipino Laban sa Pilipino*

“Mayroon tayong mas malaking kaaway kaysa mga Amerikano, ang ating sarili.” Isa ito sa mga matalinghagang linyang binitawan sa pelikula na sumasalamin sa madilim na lihim ng kasaysayan. Hindi man direktang ipinakita ay tila palaisipan ang matagal nang isyu na si Presidente Emilio Aguinaldo rin ang nagpapatay kay Heneral Luna gaya nang nangyari kay Andres Bonifacio. Naging tahasan din ang pagsasalaysay ng totoong pangyayari sa pagitan ng mga Pilipino noong panahon ng mga Amerikano. Kahit sa pagitan ng mga miyembro ng militar o politika ay hindi nagkaroon ng kasunduan ang mga Pilipino sa pagdedesisyon.

### *Napapanahon Kahit Kahapon*

Maikukumpara na magpahanggang ngayon ay nangyayari pa rin ang pagsisiraan sa pagitan ng mga Pilipino lalo na sa ating gobyerno. Kung sa pelikula ay makikitang pinatay si Heneral Luna ng kapuwa-Pilipino, ngayon ay wala pa ring nababago gaya nang patuloy nating nakikita sa mga balita at maging sa politika. Ang mga salitang ginamit ay nababagay rin sa modernong panahon lalo na ang mga *punchline* upang lagyan ng bahagyang komedya ang timpla. Bagaman makabago ang salita ay hindi nasakripisyo ang kuwento at takbo ng istorya dahil sa katunayan, maging ang paggamit ng *f* imbes na *p* sa salitang *familia* ay kapansin-pansin din. Maging ang mga linya ay sadyang may laman na mas pinatindi pa ng batuhan ng mga de-kalibreng artista gaya ni John Arcilla.

### *Atensyon para sa Suhestiyon*

Talagang isa ang pelikulang ito sa mga maituturing na *masterpiece* sa larangan ng *Philippine movie*, hindi lang dahil sa magandang *storyline* kundi maging ang *cinematography*. Makakakonekta ang lahat ng uri ng manonood sa ganitong klaseng pelikula dahil sa pagkakatalakay nito sa ating mga paaralan simula nang tayo ay nasa elementarya. Sadyang iba ang nakikita sa nababasa mula sa nilalaman ng libro kaya mas mainam kung sa susunod ay ipapalabas ito nang may *subtitle* upang masundan din ng mga manonood ang mga linyang tumataak sa puso. Bagaman mayroon nang mga naunang pelikula tungkol sa ating mga bayani, maganda rin kung ang mga susunod na pelikulang tungkol sa kasaysayan ay gawing *sequel style* o tahiin ang mga istorya ayon sa pagkakasunod-sunod sa kasaysayan upang hindi nakalilito at mas madaling magamit bilang materyal sa pagtuturo sa mga paaralan.

Noon pa man ay may kakaiba nang alab ang puso nating mga Pilipino gaya nang ipinakita ng isa sa ating mga bayani. Nakalulungkot lamang isiping tila nakakalimot tayo, at pati sa simpleng pagsuporta ng sariling atin ay mistulang mabibigo pa tayo. Sa bawat pagkakataon na iniisip natin ang ating kapakanan, isaalang-alang din natin ang ating bayan. Wala mang kapa o anumang *costume* gaya ng mga *superheroes* ang ating mga bayani ay umukit sa kasaysayan ang dugong kanilang ibinuwis. Sana’y huwag tayong magbulag-bulagan sa nagaganap sa ating bansa at gaya ng sinabi sa pelikula, “hindi panlalait ang pagsasabi ng totoo.” Kaya sa mga politiko, pulis, estudyante, at maging *pedicab driver*, “negosyo o kalayaan, bayan o sarili, mamili ka.”

### *Pagsasanay*

Ipagawa ang mga gawain sa *Himayin Natin* sa mga pahina 93 at 94. Iproseso ang mga gawain pagkatapos.

**Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 95 ng batayang aklat.

**Pagtataya**

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga gawain sa *Gawin Natin* sa mga pahina 94 at 95 ng batayang aklat.
2. Tumawag ng upang ibahagi ang kanilang mga sagot. Tumawag ng iba pa upang lagumin ang mga natutuhan sa klase.

**Takdang-Aralin**

Ipabasa sa mga estudyante ang nilalaman ng *Talakayin Natin* sa mga pahina 96 hanggang 98 bilang paghahanda sa gagawing proyekto para sa yunit.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**

- A. Panoorin ang alinman sa mga pelikulang ito: *Inang Yaya, Anak*, o *Four Sisters and a Wedding*. Suriin ang napanood na pelikula gamit ang alinmang dulog.
- B. Pumili ng isang akdang pampanitikan. Suriin ito ayon sa angkop na dulog.

**Panapos na mga Gawain**

*Mga Pahina: 96–103*

*Mungkahing Bilang ng mga Araw: 6*

**PAKSA NG ARALIN**

Pagsusuri sa Isang Akdang Pampanitikan mula sa Mediterranean

**MGA ARALIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO**

Mga Layunin	Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakabubuo ng <i>critique</i> sa alinmang akdang pampanitikang Mediterranean</li> <li>• Nakapagsusuri at nakapagtataya ng <i>critique</i> sa alinmang akdang pampanitikang Mediterranean</li> <li>• Nakagagamit ng komunikatibong kasanayan at ng wikang Filipino sa</li> </ul>	<p><b>F10PN-Ii-j-68</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naibabahagi ang sariling opinyon o pananaw batay sa napakinggan</li> </ul> <p><b>F10PB-Ii-j-69</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakabubuo ng isang suring-basa sa alinmang akdang pampanitikang</li> </ul>

<p>simposyum</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakikilahok nang aktibo sa paggawa ng proyekto</li> </ul>	<p>Mediterranean</p> <p><b>F10PT-Ii-j-68</b> <b>MELC</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naibibigay ang kaugnay na mga konsepto ng piling salitang <i>critique</i> at <i>simposyum</i></li> </ul> <p><b>F10PD-Ii-j-67</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naimumungkahi ang mga dapat isaalang-alang sa pagsasagawa ng isang simposyum batay sa nakita sa aklat o iba pang batis ng impormasyon</li> </ul> <p><b>F10PS-Ii-j-70</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nailalahad nang malinaw sa isang simposyum ang nabuong critique ng alinmang akdang pampanitikang Mediterranean</li> </ul> <p><b>F10PU-Ii-j-70</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Naisusulat ang isang critique ng alinmang akdang pampanitikang Mediterranean</li> </ul> <p><b>F10WG-Ii-j-63</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Nagagamit ang komunikatibong kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa isang simposyum</li> </ul>
---	---

### TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan* (Ikalawang Edisyon)
- “Pormula ng Pelikulang Pilipino” sa <http://utaknidrakesblogspot.com/2008/11/mga-pormula-ng-pelikulang-pilipino,htm/>

### MGA KAGAMITAN

- halimbawa ng critique
- computer o video player

### MAHAHALAGANG TANONG

- Paano makatutulong ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikan na Mediterranean sa pagkakaroon ng pagpapahalaga sa panitikan?
- Paano makatutulong ang pagkakaroon ng mga kasanayang komunikatibo—tulad ng wastong pagpapahayag ng sariling pananaw, pagpapatunay, at pangangatwiran—sa pagsusuri ng isang akdang pampanitikan at sa paglahok sa isang simposyum?

## PAMAMARAAN

### Panimula at Pagganyak

1. Ipagawa sa mga estudyante ang *Simulan Natin* sa pahina 96 ng batayang aklat. Magpatala sa kanila ng pamagat ng mga nobelang nabasa na nila.
2. Pasagutan din ang mga tanong na kasunod ng gawain. Pag-usapan ang kanilang mga sagot.

### Pagsusuri at Pagtalakay

1. Muling ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang nilalaman ng *Talakayin Natin* sa mga pahina 96 hanggang 98 tungkol sa pagbuo ng critique at pagsasagawa ng simposyum.
2. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang teksto. Gawing gabay ang mga tanong sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 99.

### Pagsasanay

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga gawain sa *Gampanan Natin* sa pahina 99. Iproseso ang mga gawain pagkatapos.
2. Para sa gawain A, basahin ang sumusunod na teksto mula sa <http://utaknidrakesblogspot.com/2008/11/mga-pormula-ng-pelikulang-pilipino,htm/>

#### *Pormula ng Pelikulang Pilipino*

(Halaw)

Medyo mahilig akong manood ng pelikula kaya madalas inaabangan ko sa TV ang mga *trailer* ng pelikula. Kapag *impressive* ang trailer, malamang panoorin ko. Kapag sa tingin ko pangit ang pelikula, hindi sasagi sa isip ko na panoorin 'yon. Mahilig talaga ako sa pelikula. Lahat pinapanood ko basta "swak" sa panlasa ko. Karamihan sa mga ito ay *foreign movies* lalo na 'yong gawa ni Steven Spielberg. Madalang na lang akong manood ng pelikulang Pilipino dahil nakabisado ko na ang pormula lalo na kapag *comedy*, *drama*, at *action* ang pelikula. Narito ang mga napansin kong pormula.

#### *Comedy Films*

- Sayawan sa *beach* – Hindi ko alam kung maiinis o matatawa ako dahil karamihan sa mga pelikula na comedy ang tema, lagi na lang may nagsasayaw sa beach. Kakantahin ang *theme song* ng pelikula, kasabay nito, sasayaw ang mga *dancer* na kunwari ay mga turista rin. Pagkatapos, halos lahat ng tao na nandoon ay sumasayaw na rin. Puwede bang magkaganoon sa totoong buhay?
- Uso ang *slapstick* – May babambuhin ng diyaryo o kaya bubuhusan ng ihi. Sasampal-sampalin ang mga ekstra. Bakit mga pangit lang ang pinagtitripan?
- Maganda o seksi ang *leading lady* at laging may *sidekick* ang bida –

Bakit nga ba may sidekick pa? Hindi ba puwedeng wala na lang? Lagi na lang kasing napagdidiskitahan ng bida ang kaniyang kawawang sidekick. Ito pa, kahit di gaanong kagwapuhan ang bida, hinahabol siya ng magaganda at seksing mga babae.

#### *Action Films*

- Lugar – Bakit sa tuwing hinahanap ng mga kontrabida o *goons* ang bida, doon mismo sila humihinto sa pinagtataguan ng bida? Talaga bang may gano'n? Hanggang ngayon, wala pa akong napapanood na nahuli ang bida habang nagtatago malapit sa pinaghintuan ng goons.
- Kuwentuhan *to the max* – Sa huling bahagi ng pelikula, kapag malapit nang magkakarap ang bida at kontrabida, mag-uusap pa sila. Ang dami pa nilang sinasabi! Tulad ng “Gawa na ang balang papatay sa iyo!” (tapos wala na palang bala) o di kaya “Humanda ka na magkikita na kayo ni San Pedro!” (Paano kung sa impiyerno siya mapupunta?). Hindi ba puwedeng magbarilan na para malaman na kung sino ang panalo?
- Laging naka-*leather jacket* ang bida – Ang Pilipinas ay *tropical country* pero astig ang mga *action star* natin, laging naka-*leather jacket*. ‘Yong tipong kahit pawisan na ang kilikili, suot pa rin ito.
- May pagka-*superman* ang bida – Kahit sampung tao ang bumaril sa bida, hindi siya tinatamaan. Aba! Kahit sugatan ang bida, hindi nauubusan ng dugo. Kapag siya naman ang bumaril, siguradong may babagsak sa mga goons. Sa suntukan naman, ang mga goons, naghihintayan pa sa pagsuntok. Sa bandang huli naman, siyempre bida pa rin ang panalo. Kung hindi, pagbabatuhin ng bote ng *mineral water* ang *screen* ng sinehan.
- Laging *late* ang mga pulis – Sila ang laging pang-*closing* sa pelikula. Laging late, tapos na ang bakbakan at hindi mo na maaasahan. Kahit puro pagsabog na ang nangyayari sa loob ng *warehouse*, wala silang ideya na may nangyayari na palang gulo.

#### *Drama Films*

- Pag-iibigan – Magkakamag-anak ang mga bida. Kung hindi magkapatid ang nag-iibigan, magpinsan naman. Sa laki ng Pilipinas, noon lang nila matatagpuan ang isa't isa na magkakamag-anak pala sila.
- Matitinding sampalan – Usong-uso ito. Tipong kahit mamaga ang panga ng bidang babae, okay lang. Minsan iiyak, minsan gaganti naman siya.
- Api-apihan ang bida – Ilulublob sa tubig, sasaktan, pagsasalitaan ng hindi maganda ang bida. Basta kawawang-kawawa siya. Martir kumbaga, na kahit anong gawin ng kontrabida sa kaniya, okay lang. Minsan di ko alam kung naaawa ako o naiinis ako sa bida dahil sa pagkamartir. Aba! Bakit hindi na lang magsumbong sa pulis, *media*, o daanin sa FB ang paghingi ng tulong. Pero siyempre sa huli, lalaban



naman. Matatapos na kasi ang pelikula, kailangang lumaban kung hindi magagalit ang mga manonood. Kaso bago lumaban ang bida, kailangang yumaman muna siya. Pera lang pala ang kailangan para magkalakas ng loob.

- Angas kontrabida – Ang kontrabida parang pumapatay lang ng daga kung pumatay ng tao. Mukhang wala na talagang konsensiya, sukduhan ba ang sama ng ugali, parang kapatid ni Lucifer! Lahat ng kasamaan, napunta sa kaniya. Ibang klase!!!

## **INTEGRASYON SA PAGSASAGAWA NG PROYEKTO**

### **Pagbabalik-aral at Pagganyak**

1. Magkaroon ng pagbabalik-aral sa mga akdang pampanitikang Mediterranean na natutuhan ng mga estudyante sa yunit. Ipabahagi sa kanila ang mahahalagang konsepto na nakuha nila sa bawat akda.
2. Itanong sa mga estudyante ang sumusunod:
  - a. Ano ang *critique* at paano ito ginagawa?
  - b. Ano naman ang *simposyum*?

### **Pagsusuri at Pagtalakay**

1. Ipabasa sa mga estudyante nang tahimik ang nakasaad sa *Gawin Natin* sa mga pahina 101 at 102 tungkol sa gagawing proyekto na magsisilbing aplikasyon ng lahat ng natutuhan sa yunit na ito.
2. Ipaliwanag sa kanila ang inaasahang makikita at pamantayan sa isasagawang proyekto. Magkasundo sa araw ng pagtatanghal.
3. Bigyan ng sapat na panahon ang mga estudyante sa paggawa ng kanilang proyekto.
4. Ipatanghal ang kanilang nagawa sa araw na napagkasunduan.
5. Bigyan ng komento ang isinagawang pagtatanghal ng mga estudyante.

### **Pagbubuod**

Pasagutan sa mga estudyante ang mahahalagang tanong para sa buong yunit. Tumawag ng ilan na magbahagi ng kanilang sagot.

### **Pagtataya**

1. Magkaroon ng pangwakas ng pagsusulit para sa yunit. Idikta sa mga estudyante ang mga katanungan sa *Panimulang Pagtataya para sa Yunit* sa mga pahina 4 hanggang 6. Maaari ding bumuo ng panibagong pangwakas na pagsusulit para sa yunit. Sabihin na ang kanilang iskor sa pagsusulit na ito ay itatala na at isasama na sa pagmamarka.
2. Ipagawa ang gawain C ng *Gampanan Natin* sa pahina 99.
3. Lagumin ang yunit batay sa kanilang sagot sa 3-2-1 Tsart at sa mga layunin ng buong yunit.

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Panimulang Pagtataya para sa Yunit** (mga pahina 4–6)

A.

- |      |      |
|------|------|
| 1. a | 4. b |
| 2. c | 5. c |
| 3. a |      |

B.

- |      |       |
|------|-------|
| 6. b | 9. a  |
| 7. d | 10. b |
| 8. c |       |

C.

- |       |       |       |
|-------|-------|-------|
| 11. b | 16. d | 21. b |
| 12. d | 17. b | 22. b |
| 13. a | 18. a | 23. b |
| 14. c | 19. b | 24. a |
| 15. b | 20. c | 25. a |

*Paalaala:* Ang susi sa pagwawasto sa itaas ay ang parehong susi na gagamitin sa *Pangwakas na Pagsusulit para sa Yunit*. Kung magbibigay ng sariling pagsasanay para sa pangwakas na pagsusulit, gumawa ng sariling susi ng pagwawasto.

### ARALIN 1

#### **Pagsusuri sa Panitikan**

*Simulan Natin* (mga pahina 8 at 9)

A.

1. Oo, sila ang mga kinikilalang diyos at diyosa ayon sa mga nababasang akda.
2. Naipakita sa larawan ang kultura ng mga Pilipino batay sa kanilang kasuotan at kaanyuhan.

B.

